OO!

OO!



BY: TIM MOSSHOLDER

OO!... ANG PINAKAMAHALAGANG SALITAQUE NA MAARI MONG SABIHIN SA DIYOS.

Ang pagsasabi ng OO sa Diyos ang siyang pinakamahalagang bagay, na maaari mong gawin sa iyong buong buhay! Wala ng iba pang mas angkop kaysa rito. Bakit? Sapagkat hinihintay ng Diyos ang iyong pahintulot upang mailahad ang kahanga-hanga Niyang plano para sa buhay mo – ang plano na kalakip ang kagalingan sa sakit, kalayaan mula sa kasalanan at pag-uusig ng budhi, at ng katotohanan ng buhay na walang hanggan. Kailan man 'di "ipipilit" sa'yo ng Diyos ang Kanyang plano. Sa halip, ay matiyaga Niyang hinihintay ng may buong pagmamahal ang pagsasabi mo sa Kanya ng OO. Hindi ba't iyan ay kahanga-hanga! Ang manlilikha ng buong sanlibutan ay naghihintay sa'yo at sa akin, na magsabi ng OO sa Kanya.

Ang ibang tao, kailanma'y 'di nagsasabi ng OO sa Diyos. Namumuhay sila ng isang buhay na nagsasabing AYAW sa Kanya, mas pinipinili nila ang mamuhay na ayon sa sarili nilang patakaran at tuntunin. Ang problema, kapag namuhay ka ayon sa sarili mong patakaran, ay mamamatay ka sa sarili mong patakaran. Ang Biblia, na salita ng Diyos ay malinaw tungkol dito: bawat plano na 'di mula sa Kanya ay hahantong sa kamatayan. Tanging ang plano Niya ang hahantong sa buhay.

Ang Roma 6:23 ay nagsasabi: **"Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan, ngunit ang walang bayad kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon."**

Ano ang "kasalanan?" Ito ay ang pagsasabi ng AYAW sa Diyos. Sinasabi ng kasalanan, "Mas may alam ako kaysa sa Diyos! Mamumuhay ako ayon sa sarili kong patakaran, at gagawin ko ang ayon sa nais kong gawin." Ang ilang tao naman, ay nagkakasala dahil sa mapaghimagsik na pagmamataas – alam nila kung ano ang sinasabi ng Diyos, ngunit mas pinipili nilang gawin ang ayon sa sarili nilang kagustuhan. Ang iba'y nagkakasala dala ng kawalan ng unawa – lumaki silang ginagawa ang sarili nilang pamamaraan, at kailan ma'y 'di iniisip ang patungkol sa plano ng Diyos, na patungo sa buhay.

Ano pa man ang dahilan, ng pagsasabi ng isang tao ng AYAW sa Diyos, ang resulta ay malinaw: KAMATAYAN. At ang kamatayan ay 'di lamang nangyayari kapag tumigil ka na sa paghinga! Ang kamatayan ay isang ganap na pagkawalay sa Diyos – mula ngayon at sa pang-habang panahon. Ang magandang balita ay ang katotohanang ito, na walang SINOMANG dapat mamatay na hiwalay sa plano ng Diyos! Ang kailangan mo lamang gawin ay ang sabihin ang OO sa Kanya, at ang pangako Niya ay isang bagong BUHAY mula sa Kanya!

Narito ang pangako ng Diyos, na sinabi ni Jesus:

"Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay Niya ang kaisa-isa at bugtong Niyang Anak, upang ang sinoman na sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan" (Juan 3:16).

ANG PAGSASABI NG OO SA DIYOS AY NANGA-NGAHULUGAN NA:

1. Ikaw ay naniniwala, na Siya ay totoo!

2. Naniniwala kang totoo ang sinabi Niya – Na ang plano Niya, ang tanging daan para sa pagkakaroon ng tunay na buhay (dito man sa lupa O sa pang-walang hanggan)

3. SINASABI mo nga ito: "OO Panginoon. Naniniwala ako sa'yo, na ang Iyong Anak na si Jesus, ay namatay upang magkaroon ako ng bagong buhay." Kung 'di mo pa ito ginawa, samantalahin mo ang pagkakataon ngayon, na sabihin ang OO sa Diyos. Sa likod ng babasahing ito, ay makikita mo ang simpleng panalangin na makatutulong sa'yo para sabihin ang OO sa Kanya.

4. Nakahanda mong ipamuhay ang iyong bagong buhay, na may patuloy na pagsasabing OO sa Diyos, na gumagawa ng mga kapasyahang nakalulugod sa Kanya.

Ito'y simple lang! Kung ginawa mo na ang mga bagay na ito, dininig na ng Diyos ang iyong OO, at ang plano Niya para sa iyo ay sigurado na. Kung patuloy mong babasahin ang mga susunod na bahagi, ay malalaman mo pa ang tungkol sa desisyong ito, ng pagsasabi mo ng OO sa Diyos.

KANINO MO SINABI ANG OO?

SINABI MO ANG OO SA IISA AT TUNAY NA DIYOS.

Nang sabihin mo ang OO sa Diyos, hindi ka lamang nakiisa sa isang "simbahan" o nagkaroon ng makalangit na karanasan. Ikaw ay pumasok sa pakikipag-isa sa Kanya, na tunay na makapagliligtas sa'yo. Oo, mayrong ibang "diyos" at mga relihiyon. Subalit, si Jesus lamang ang tanging namatay para sa'yo. Tanging si Jesus lamang, ang nabuhay mula sa mga patay, at tanging si Jesus lamang ang may kapangyarihang magligtas sa'yo. Walang ibang pinuno ng relihiyon ang makagagawa o nakagawa nito, maliban kay Jesus!

Nais tiyakin ni Jesus na nauunawaan nga natin, na Siya lamang ang TANGI at TUNAY na Diyos – na hindi lamang Siya isang "kathang-isip" o "isa sa maraming daan" para makapunta sa langit. Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad: **"Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta sa Ama kun'di sa pamamagitan Ko"** (Juan 14:6).

Si Pedro, isa sa pinaka-malapit na mga alagad ni Jesus, ay nauunawaan ito. Matapos bumalik si Jesus sa langit, sinabi ni Pedro sa mga pinuno ng relihiyon sa kanyang kapanahunan, **"Walang kaligtasan sa kaninoman! Walang ibang pangalan sa buong kalangitan na maaaring tawagan ng tao, para maligtas,"** (Mga Gawa 4:12). Walang ibang daan tungo sa langit, at walang ibang paraan para mapalaya ka mula sa'yong mga kasalanan. Si Jesus ang IISA at TUNAY na daan, na pinadala ng Diyos upang tiyakin ang iyong kalayaan at kaligtasan!

AKO ANG DAAN,
AT ANG KATOTOHANAN,
AT ANG BUHAY.
SINUMAN AY
HINDI MAKAKARATING
SA AMA KUNDI
SA PAMAMAGITAN KO.

JUAN 14:6

SINABI MO ANG OO SA DIYOS NA NAGMAMAHAL SA'YO.

Ang ilang mga tao, ang tingin sa Diyos ay isang malupit na pinuno. Iniisip nila, na agad-agad Niyang pinaparusahan ang mga gumagawa ng mali, na naghihintay lamang Siya, ng pagkakataong patamaan sila ng kidlat. Malayong-malayo ito sa katotohanan! Ang katotohanan ay, labis ang pag-ibig ng Diyos sa bawat tao sa buong sanlibutan. Siya ang totoong pinaka-dakilang mangi-ngibig sa buong kasaysayan ng panahon – Sa katunayan sinabi ng Biblia, sa 1 Juan 4:16 na **"Ang Diyos AY pag-ibig!"**

Ang pag-ibig ng Diyos ay napaka-dakila, anupa't ito'y saklaw nito, kahit ang mga napopoot o nagwawalang bahala sa Kanya. Sa katunayan, sinabi ng Roma 5:8, **"Subalit ipinahayag ng Diyos ang dakila Niyang pag-ibig sa atin, sa pamamagitan ng pagpapadala kay Cristo upang mamatay para sa atin, noong tayo'y mga makasalanan pa."** Mahal ng Diyos ang mga makasalanan – ibig sabihin n'yan' minahal na tayo ng Diyos bago pa man tayo magsabi, ng OO sa Kanya!

Dahil mahal tayo ng Diyos, ibinigay Niya sa atin ang pinaka-dakilang regalo na 'di abot ng ating kaisipan – ang Kanyang bugtong na Anak. Ang sabi ng 1 Juan 4:9-10, **"Ipinadama ng Diyos sa atin, ang Kanyang pagmamahal sa pamamagitan ng pagpapadala sa Kaisa-isa at Bugtong Niyang Anak sa sanlibutan, upang tayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan Niya. Ito ay tunay na pag-ibig – hindi sa inibig natin ang Diyos, kundi inibig Niya tayo at ipinadala ang Kanyang Anak bilang handog sa ikapagpapatawad ng ating mga kasalanan."**

Ang pag-ibig na ito ng Diyos, ay 'di natin kailangang pagtrabahuan o bayaran – Sa katunayan, 'di natin magagawa kahit subukan. Yamang, walang sapat na kabutihan na maaaring nating gawin, para makamtan ang pag-ibig Niya, ibinibigay ito ng Diyos sa atin, ng walang bayad. Ang kailangan lamang nating gawin, ay tanggapin ito at sabihin ang OO sa Kanya. Ibinibigay ng Diyos ang Kanyang pag-ibig ng walang hinihinging kapalit o obligasyon. Ang Roma 8:38-39 ay nagsasaad, **"At natitiyak kong kailanma'y walang makapaghihiwalay sa atin mula sa pag-ibig ng Diyos. Hindi ang kamatayan, 'ni ang buhay, hindi ang mga anghel, 'ni ang mga demonyo, hindi ang mga takot natin sa kasalukuyan, 'ni ang mga pag-aalala natin sa kinabukasan – 'ni hindi ang mga kapangyarihan ng impyerno ang makapaghihiwalay sa ating mula sa pag-ibig ng Diyos. Walang kapangyarihan sa kaitasan man 'ni sa kailaliman – tunay na wala sa alinmang nilikha, kailanma'y walang makapaghihiwalay sa atin sa pagmamahal ng Diyos na ipinahayag kay Cristo Jesus na ating Panginoon."**

SINABI MO ANG OO SA DIYOS NA GUMAWA NG MGA PANGAKO.

Hindi lamang sa Siya ang tunay na Diyos na nagmamahal sa atin, Siya rin ang Diyos na gumagawa ng mga pangako – puno ang Biblia ng mga pangakong ito! Suriin mo ang mga pangakong ito, at malalaman na ang mga ito ay para sa bawat tao (pati SA'YO) na nagsabi ng OO sa Diyos.

Nangangako ang Diyos ng Buhay na Walang Hanggan

1 Juan 5:11-12 "At ito ang patotoo ng Diyos: Pinagkalooban Niya tayo ng buhay na walang hanggan, at ang buhay na ito ay na sa Kanyang Anak. Sinoman ang pinanahanan ng Anak ay may buhay; sinomang hindi pinanahanan ng Anak ay walang buhay."

Juan 11:25-26 Sinabi sa kanya ni Jesus, "Ako ang nagbibigay-buhay at muling pagkabuhay. Ang sinumang sumasampalataya sa akin, kahit mamatay ay muling mabubuhay; at sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay kailanman."

Nangangako ang Diyos ng Kapatawaran sa Kasalanan

1 Juan 1:9, "Ngunit kung ipahahayag natin ang ating mga kasalanan sa Kanya, Siya ay tapat at matuwid na tayo ay patatawarin sa ating mga kasalanan at lilinisin sa lahat ng ating kasamaan"

Awit 103:12, "Inalis Niya ang ating mga kasalanan na kasing layo ng silangan, mula sa kanluran."

Nangangako si Jesus na Babalik Muli at Dadalhin Tayo sa Langit

Juan 14:3, "Kapag handa na ang lahat, babalik Ako upang kunin kayo, ng sa gayon kayo'y makakapiling Ko palagi sa kung saan Ako naroroon."

1 Tesalonica 4:14, 16-17, "Sapagkat yamang nanalig tayo na si Jesus ay namatay at muling nabuhay, nanalig din tayo na sa pagbabalik ni Jesus, Ibabalik ng Diyos kasama Niya ang mga namatay na nanalig sa Kanya. Sapagkat ang Panginoon mismo ay bababa mula sa langit kasabay ng isang malakas na utos, at tinig ng arkanghel, na may pagtunog ng trumpeta ng Diyos. Mabubuhay muna mula sa mga patay ang lahat ng mananampalataya. At pagkatapos kasama nila tayong mga buhay pa ay titipunin sa alapaap upang salubungin ang Panginoon sa papawirin. Sa gayon makakapiling tayo ng Panginoon magpakilan man."

Nangangako ang Diyos na Pakikingan Tayo Kapag Mananalangin

Filipos 4:6-7, "Huwag kang mabalisa sa anumang bagay; sa halip, ipanalangin ang bawat bagay. Sabihin sa Diyos ang iyong kailangan, at pasalamatan Siya sa lahat ng Kanyang mga gawa. Sa gayon mararanasan mo ang kapayapaan ng Diyos na tumatagos kaysa anumang bagay na maaari nating isipin. Ang kapayapaan ng Dyios ang mag-iingat sa iyong puso at isipan habang kayo'y nabubuhay kay Cristo Jesus."

1 Pedro 5:7, "Ipagkaloob mo sa Diyos ang iyong mga pangangailangan at alalahanin, sapagkat nagmamalasakit Siya para sa inyo."

SINABI MO ANG OO SA DIYOS NA LAGING TAPAT.

Nasubukan mo na bang makasama ang isang tao na laging nangangako . . . pero hindi naman tinutupad? 'Hindi magtatagal, mawawalan ka ng tiwala sa gayong tao, at 'di na maniniwala pa sa anumang sasabihin niya.

Isa sa pinaka-kahanga-hangang mga katangian ng Diyos, ay ang Kanyang ganap na katapatan. Hindi lamang Siya nangangako, tinutupad Niya ang mga ito!

Hebreo 10:23 ay nagsasaad, **"Mahigpit nating panghawakan ng walang pag-aalinlangan, ang pag-asang ating tinanggap, sapagkat mapagkakatiwalaan natin, na tutuparin ng Diyos ang Kanyang pangako." Si Haring David ay sumulat, "Ang Panginoon ay totoo sa lahat ng Kanyang mga pangako at tapat sa lahat ng Kanyang mga gawa."** (Awit 145:13b)

Ang usapin tungkol sa katapatan ng Diyos ay napakahalaga, sapagkat kung HINDI totoo at ganap na tapat ang Diyos, magiging isang kahangalan para sa atin ang magtiwala sa Kanya. Subalit dahil sa TAPAT SIYA, maaari nating ilagak sa Kanya ang ating tiwala ng may buong kapanatagan, pati na sa lahat ng Kanyang sinasabi. Noong sabihin natin ang OO sa Diyos, hindi natin inilalagay ang ating sarili sa isang mahina at mabuway na pundasyon – tayo'y nakatayo sa matibay na pundasyon ng 'di matinag na katapatan ng Diyos.

Ang katapatan ng Diyos ay 'di lamang nakikita sa mga nagdaaang panahon ng Biblia – ito'y nagpapatuloy sa panghabang panahon! Inihahayag ng Hebreo 13:8, **"Si Jesu-Cristo ay 'di nagbabago noon, ngayon at magpakailan man."** Hindi ba't napagandang malaman? Si Jesus na tapat, ay noon pa man nanindigan na para sa Kanyang mga kaibigan; Siya rin si Jesus, na lumabas para magpagaling sa mga may karamdaman, at para damayan ang mga itinakwil ng lipunan; Siya rin si Jesus, na nagpatawad sa mga makasalanan, at sumaway sa mga palalo – Siya rin si Jesus, para sa atin ngayon, at Siya rin para sa ating bukas!

> SI JESU-CRISTO AY SIYA RING KAHAPON, NGAYON, AT MAGPAKAILANMAN.
> MGA HEBREO 13:8

PARA SAAN ANG SINABI MONG

SINABI MO ANG OO PARA SA KALIGTASAN.

Kapag sinasabi natin na OO sa Diyos at sa Kanyang plano, Ang katotohanan ay "inililigtas" Niya tayo! Ang Biblia ay maliwanag ukol dito – bago pa man natin tanggapin ang alok ng Diyos na kaligtasan, tayo ay mga patay sa espiritu, at patungo sa panghabang panahon at ganap na pagkawalay sa Diyos. Kapag sinasabi natin na OO sa Kanya, Sinasagip Niya tayo (o "inililigtas"), at inililipat mula sa kamatayan tungo sa buhay na walang hanggan.

Sinasabi ng salita ng Diyos, **"Minsan kayong namatay dahil sa inyong pagsuway at maraming kasalanan. Subalit ang Diyos ay napaka-sagana sa habag, at inibig Niya tayo ng lubusan, na bagama't tayo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan, binigyan Niya tayo ng buhay nang buhayin Niya si Jesus mula sa mga patay"** (Efeso2:1, 4-5). Si Jesus mismo ay nagpahayag, **"Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, ang sinomang nakikinig sa Aking tinig at nanalig sa Diyos na nagsugo sa Akin, ay may buhay na walang hanggan. Kailanma'y 'di sila hahatulan sa kanilang mga kasalanan, kundi inilipat na mula sa kamatayan tungo sa buhay"** (Juan 5:24).

Tinawag ni Jesus ang biglaang pagbabago na ito, mula sa kamatayan tungo sa buhay, na pagiging "bagong kapanganakan." Ang salitang ito, ng pagiging "bagong kapanganakan," ay nakakatulong para ating maunawaan, na hindi sapat ang pagiging buhay sa pisikal. Hindi dahil tumitibok ang ating puso, ay nangangahulugan na tayo ay may buhay na espirituwal! Dapat ay mayroong punto, o panahon ng pagkakaroon ng bagong kapanganakan sa ating buhay, na kung saan sinasabi natin, ang OO sa Diyos at tinatanggap ang espirituwal na buhay sa pamamagitan Niya.

SINABI MO ANG OO SA PAG-ASA.

Ang kawalan ng pag-asa ay laganap sa ating paligid dito sa mundo – at sa mabuting dahilan, kung wala ang Diyos, ang tanging na sa'yo ay ang mundong ito (kalakip ang lahat ng mga problema, pasakit, kabalisahan at kamatayan na mayroon dito)! Kahit magawa mo mang mamuhay ng desente at malaya sa dusa at sakit, ito AY hahantong pa rin sa katapusan pagdating ng araw. Nasaan ang pag-asa sa ganyang kalagayan? Mangyayari lamang ang pagdating ng tunay na pag-asa, at ang pag-usad sa kawalan tungo sa pag-asa, kapag ang Diyos ay pumasok na, sa ating buhay.

Mayroon tayong pag-asa dahil sa kung sino ang Diyos, at kung ano ang mga ipinangako Niya sa atin. Ang mga katotohanang ito ay mananatiling matibay at totoo, kahit na tayo ay nasa gitna man ng mabigat na pagsubok ng buhay. Pakinggan natin ang mga salita ni Jeremias, ang matapat na lingkod ng Diyos na dumaan sa panahon ng napakabigat at mapait na pagsubok. **"Ang isipin ang aking pagdurusa at kawalan ng tahanan ay mapait na 'di kayang ilarawan ng anumang salita. Kailan ma'y hindi ko makakalimutan ang masaklap na pagkakataong ito, habang ako'y nagdadalamhati sa aking kawalan. Gayon man nabubuhay ang aking pag-asa sa tuwing maalaala ko ito: Ang tapat na pag-ibig ng Diyos ay 'di nagmamaliw! Ang awa Niya ay walang kapantay. Dakila ang Kanyang katapatan; ang habag Niya ay laging sariwa sa bawat umaga"** (Panaghoy 3:19-23)

Alam ni Jeremias, na ang kanyang pag-asa ay hindi nakasalalay sa mga pangyayari ng kanyang buhay – ang kanyang pag-asa ay nasa Diyos na buhay. Ano man ang iyong kinakaharap ngayon, gaano man ito kasama, 'di mo kailangang mahulog sa kawalan ng pag-asa. Nang sabihin mo ang OO sa Diyos, pumasok ka sa pakikipag-isa sa Kanya na higit na mas malaki kaysa sa iyong mga problema! Siya ang iyong pag-asa! kaya mo ang lahat kasama ang Diyos! Pinalalakas ng Roma 15:13 ang ating loob sa pamamagitan nito: **"Nawa ay puspusin kayo ng Diyos ng buong galak at kapayapaan sa pamamagitan ng inyong pagtitiwala sa Kanya, upang mag-umapaw kayo ng pag-asa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng banal na Esiritu Santo."**

SINABI MO ANG OO SA KAPATAWARAN.

Nang mamatay si Jesus sa krus, ang kasaysayan ay nahati sa dalawa! Ang pangyayaring ito, ang tanging nag-iisa at pinaka-makabuluhang tagpo at panahon sa buong kasaysayan ng sanlibutan. Buong laya na inialay ni Jesus ang Kanyang sariling buhay, upang mabayaran ang kasalanan ng buong sanlibutan – pati na ang kasalanan mo at ang kasalanan ko. Bakit Niya ito ginawa? Upang maranasan natin ang kapatawaran ng lahat ng ating mga kasalanan, at magkaroon ng pakikipag-isa sa Diyos. Nang sabihin natin ang OO sa Diyos, tayo ay pinatawad Niya, hindi na kailangang dalhin pa ang bigat ng pag-uusig, at kahihiyan sa ating mga nagawang kamalian. Gaano man kasama ang ating nagawa, ang kapatawaran ng Diyos ay sapat at ganap.

Ipinangako ng Diyos sa Isaias 1:18, **"Gaano man karumi ang bahid ng inyong kasalanan, kaya Ko itong alisin. Kaya Ko kayong paputiin na kasing puti ng nyebe. Gaano man kapula ang inyong kasalanan, kaya Ko kayong paputiin na gaya ng bulak."**

Subalit, wala nga bang ibang paraan? Kailangan ba talagang mamatay ni Jesus para sa ating mga kasalanan, para mapatawad? Kailangan TALAGANG mamatay ni Jesus – ito lang ang tanging paraan. Kailangan may gagawing mabigat na kabayaran, para sa lahat ng mga kamaliang nagawa sa kasaysayan ng sangkatauhan – at ang tanging mabigat na kabayaran na sapat sa lahat, ay ang kamatayan ng ganap at walang kapintasang Anak ng Diyos, na si Jesus.

Sinabi ng Biblia, **"Sapagkat ang lahat ay nagkasala; lahat tayo ay 'di nakaabot sa pamantayan ng Diyos. Ngunit sa ngalan ng kagandahang loob ng Diyos, tayo ay ipinahayag Niyang matuwid. Ginawa Niya ito sa pamamagitan ni Jesu-Cristo nang tayo ay palayain Niya sa parusa ng ating mga kasalanan. Sapagkat, ipinakilala ng Diyos si Jesus bilang handog sa kasalanan."** (Roma 3:23-25a)

SINABI MO ANG OO SA KALAYAAN.

Isa sa pinaka-masamang bagay, patungkol sa kasalanan ay ang katotohanang ito, na kung wala si Cristo, tayo nga ay BIHAG ng kasalanan. Ang kasalanan ay isang nakahuhumaling na pwersa, na 'di natin kayang takasan sa sarili nating lakas at kapangyarihan. Bago natin sinabi ang OO sa Diyos, ang kasalanan ang siya nating panginoon, at tayo'y mga alipin nito. Subalit ngayon, na sinabi na natin ang OO sa Diyos, tayo'y malaya na sa kapit ng kasalanan – ang kapangyarihan nito laban sa atin ay tuluyan ng nasira, sa panghabang panahon.

Ang Diyos mismo, ang nagbayad sa halagang kailangan, upang mapalaya tayo sa kapit ng kasalanan. **"Napaka sagana Niya sa kabutihan at kagandahang-loob na binili Niya ang ating kalayaan sa pamamagitan ng dugo ng Kanyang Anak at tayo'y pinatawad sa ating mga kasalanan"** (Efeso 1:7).

Ang kalayaang ito na mayron tayo, ay hindi nangangahulugang hindi na tayo magkakasalang muli. Ang ibig lang sabihin nito, ay hindi na DAPAT TAYO MAGKASALA – Binigyan na tayo ng Diyos ng kapangyarihan na TUMANGGI sa kasalanan, at sa halip, ay makagawa ng tamang mga pagpili. Sinasabi sa atin ng Roma 6:16-18, **"Hindi ba ninyo alam na kayo ay alipin sa sinumang pinipili ninyong sundin? Pwede kayong maging alipin ng kasalanan, na hahantong sa kamatayan, o maaari ninyong piliin na sumunod sa Diyos, na hahantong sa matuwid na pamumuhay. Salamat sa Diyos! Dati kayo'y mga alipin ng kasalanan, subalit ngayon ay sinunod ninyo ng buong puso ang aral na itinuro namin sa inyo. Ngayon kayo'y malaya na mula sa inyong pagkakaalipin sa kasalanan, at kayo'y naging mga alipin sa matuwid na pamumuhay."**

Gaano man katindi ang pagka alipin mo sa kasalanan, Kaya kang palayain ng Diyos. Mga ipinagbabawal na gamot, kalaswaan, pagkamataas, pagkapoot, mga bisyo at mga pagkahumaling ay walang laban sa 'di maarok na kapangyarihan ng ating Panginoong Jesu-Cristo! Kung paanong mas pinili mong sabihin ang OO sa kaligtasan ng Diyos, piliin mo ngayon ang lumakad sa Kanyang kapangyarihan, at mamuhay na MALAYA mula sa makasalanang pamumuhay .

PAANO MO PANANATILIHIN ANG PAGSASABI NG OO SA DIYOS?

Isang bagay ang pagsasabi ng OO sa Diyos, at magsimula ng isang pakikipag-ugnayan sa Kanya, ibang bagay naman ang PALAGIANG pagsasabi ng OO sa Kanya sa panghabanag panahon. Ang pagtanggap sa pangako Niyang kaligtasan, ay mas madali – sapagkat ginawa na ni Jesus ang lahat ng mahirap gawin – ang kailangan lamang nating gawin, ay tanggapin at isagawa ang Kanyang pangako. Gayunman, mas mahirap mamuhay sa paraang patuloy na may paglago ang relasyon sa Diyos. Kailangan talagang pagsikapang itong mabuti.

Nauunawaan ni Pablo ang prisipyong ito. Isa siya sa mga unang alagad ni Jesus, at tunay siyang kahanga-hangang tagapaglingkod. Si Pablo ay naglakbay sa mga lungsod at bayan, habang nagangaral ng mabuting balita tungkol kay Jesus, at sumulat siya ng maraming aklat sa Biblia. Subalit, kahit isa siyang magaling na mananampalatayang lider, naiintindihan niya, na kailangan niyang patuloy na magsumigasig, at patuloy na magsabi ng OO sa Diyos. Sa Pilipos 3:13-14 ay nasulat ng mga pangungusap na ito ni Pablo, **"Mga kapatid, hindi ko ipinapalagay na nakamit ko na ito. Ngunit isang bagay ang ginagawa ko: nililimot ko ang nakaraan at sinisikap na marating ang layuning nais kong makamtan. Nagpapatuloy nga ako patungo sa hangganan upang makamtan ang gantimpala ng pagkatawag sa akin ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo Jesus, ang buhay na hahantong sa langit."**

Katulad ni Pablo, kailangan nating maunawaan na **"hindi pa natin ito nakamtan."** Kailangan nating itoon ang ating buong lakas, sa matapat na pagsunod kay Jesus, ng may pagsasabing OO sa Kanya bawat araw. Sa mga sumusunod na pahina, makikita mo ang limang mga hakbang na makakatulong sa'yo upang maituon ang sarili sa pagpapalago ng iyong relasyon kay Jesus. Hindi ito "mga bagay na dapat gawin" para maligtas. Ito'y mga bagay na "gagawin mo" dahil ikaw ay ligtas na!

MAKIPAG-UGNAY sa isang lokal na simbahan.

Ang salita ng Diyos ay nagsasabi na, **"pagsikapan ang maging matuwid, tapat, mapagmahal at payapa kasama ng mga taong may pusong malinis at tumatawag sa Panginoon."** (2 Timoteo 2:22b). Walang makakatulong sa'yo sa patuloy na paglago sa pamumuhay Kristiyano, liban sa pagiging bahagi at pagkakaroon ng ugnayan sa ibang mga tao na kapwa nagsabi ng, OO sa Diyos.

MAGPABAUSTISMO sa tubig.

Kung hindi ka pa nabaustimuhan sa tubig, gawin na ito kaagad! Hindi lamang ito pagpapahayag sa lahat na ikaw ay nagsabi ng OO sa Diyos, ito rin ay isang mahalagang hakbang sa pagsunod, habang ikaw ay patuloy na nagsasabing OO sa Kanya. Sabi sa Mga Gawa 2:38, **"Magsisi at magpabautismo, bawat isa sa inyo…"**

Mag-aral MANALANGIN.

Ang panalangin ay isang uri ng buhay na pakikipag-ugnayan, pagsasalita, pakikinig at pakikipag-usap sa buhay na Diyos, na nagnanais na magkaroon ng relasyon sa atin. Tinuruan tayo sa Pilipos 4:6, **"Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip, sabihin ninyo sa Diyos kung ano ang inyong kailangan, at pasalamatan Siya sa lahat ng Kanyang ginawa."**

Mag-aral sa SALITA NG DIYOS.

Ang Salita ng Diyos ay kahanga-hanga! Ito ay naglalaman ng lahat ng bagay, na kailangan natin upang malaman kung sino ang Diyos, paano Niya tayo gustong mamuhay, at paano tayo magkaroon ng relasyon sa Kanya sa pamamagitan ng Kanyang anak na si Jesus. 2 Timoteo 3:16-17 ay nagsasabing, **"Ang lahat ng kasulatan ay kinasuhan ng Diyos at magagamit sa pagtuturo ng katotohanan, upang makita natin kung ano ang mali sa ating buhay. Itinatama tayo nito kapag tayo ay nagkakamali at tinuturuan na gawin kung ano ang tama. Ginagamit ito ng Diyos para ihanda ang Kanyang mga anak para sa mababuting gawa."**

Lumayo sa Kasalanan.

Nang sinabi mo ang OO sa Diyos, at inamin mo ang iyong kasalanan sa Kanya, pinatawad ka Niya, at tunay na pinawi ang iyong kasalanan at pangamba. Hindi natin kailangang paulit-ulit na humingi ng tawad sa dating kasalanan, ito'y pinawi na! Ngunit, para palagian ang pagsasabi ng OO sa Diyos, kailangan nating pag-aralang mamuhay na malaya sa kasalanan. 2 Timoteo 2:19b **"Lahat ng mga nasa Panginoon ay dapat lumayo sa kasalanan."** Hindi ito madali, ngunit KAYA mo ito! Kagaya ni Pablo, "nagpapatuloy para marating at matanggap ang gantimpala."

PAANO SASABIHIN ANG OO!

Kung hindi mo pa tinanggap si Jesus bilang iyong Tagapagligtas, gawin mo ito ngayon. Manalangin ka lamang ng ganito na malakas.

"Panginoong Jesus, nanalig akong namatay Ka para sa akin. Alam kong binuhay Ka ng Diyos mula sa mga patay. Tinatalikuran ko ngayon ang aking mga kasalanan, at tinatanggap Kita bilang aking daan tungo sa Diyos. Aking pinapahayag na Ikaw, Jesus, ang Panginoon ng aking buhay. Mula ngayon, susundin Kita sa aking buhay. Salamat po, sa kapatawaran at pagtanggap Mo sa akin bilang Iyong anak. Amen!"

Sinabi sa Roma 10:9-10, "Kung ipahahayag ng iyong labi na si Jesus ay Panginoon at mananalig ka sa iyong puso na Siya'y muling binuhay ng Diyos mula sa mga patay, maliligtas ka. Sapagkat sa pamamagitan ng iyong puso, ikaw ay nanalig at nagiging matuwid sa harapan ng Diyos, at sa pamamagitan ng labi ay nagpapahayag, sa gayon naliligtas."

WWW.FOURSQUARE.ORG
© 2015 INTERNATIONAL CHURCH OF THE FOURSQUARE GOSPEL

TRANSLATED BY: REV. REYNALDO C. LUCION
CFGP, NATIONAL COORDINATOR

ONE8

ONE YOUTH, MANY NATIONS, ALL ARE WITNESSES

A ministry of

FMP

Foursquare Missions Press